FACT SHEET PARA SA MGA SENIOR

Mga Karapatan. Paggalang. Pagtitiwala.

Estratehiya ng Pamahalaang Victoria sa Paghadlang sa Pang-aabuso sa Nakatatanda

Pagtatanggol sa iyong mga karapatan

Ang nakatatandang mga tao ay may karapatan, katulad ng mga taong nasa ibat ibang hanay ng edad, na mabuhay nang ligtas sa kanilang mga tahanan, malaya sa karahasan, pang-aabuso at pagpapabaya at pagsasamantala at tratuhin nang may dangal at respeto.

Sa karamihang mga kaso, ito ang eksaktong nangyayari. Gayunpaman para sa ilang mga tao hindi ito ang kaso sa dahilang sila ay nahaharap sa pang-aabuso at pagsasamantala.

Maaaring maging mahirap talakayin ang problemang ito partikular na kung ito ay kinapapalooban ng isang taong malapit sa iyo. Kayat mahalaga na ikaw ay kumuha ng tulong at payo.

Upang matulungan ka, ang Pamahalaang Victoria ay nagbuo ng isang libre at kompidensyal na pangmalawakang-estadong serbisyo, ang Seniors Rights Victoria upang:

- linyang pantulong para sa impormasyon at reperal
- pagtataguyod at suporta
- payong pambatas
- pangkomunidad at pangpropesyonal na edukasyon.

Ang sinuman ay maaaring tumawag sa Seniors Rights Victoria.

Ang libreng **1300 368 821** Seniors Rights Victoria helpline ay bukas mula alas 10n.u. hanggang alas 5n.h. Lunes hanggang Biyernes. Online **www.seniorsrights.org.au**

Kung ikaw, o isang taong kakilala mo, ay nasa kagyat na panganib kontakin ang Victoria Police sa 000.

Aged Care Branch
Department of Health
12th Floor
50 Lonsdale Street
MELBOURNE 3000
Australia
Tel: (61 3) 9096 7389
Fax: (61 3) 9096 7943
Email: aged.care@health.vic.gov.au
www.seniorsonline.vic.gov.au

Ang impormasyon sa fact sheet na ito ay para lamang sa pangkalahatang impormasyon. Hindi ka dapat umasa dito sa dahilang hindi ito legal na pagpapayo na naaangkop sa iyong partikular na mga kalagayan. Kung ikaw ay may anumang mga katanungan o kailangan ng payo, kontakin ang mga ahensyang nakalista sa fact sheet na ito.

State Government Victoria